

MULA SA EDITOR

Walang nag-uugnay na tema sa mga artikulong kabilang sa kasalukuyang isyu ng *Social Science Diliman: A Philippine Journal of Society and Change*. Lagi namang hindi tematiko ang mga isyu ng journal, bagamat sa darating na mga isyu ay maaaring maisagawa ito, batay na rin sa mga artikulong aming natatanggap nitong mga nagdaang buwan.

Ang unang artikulo sa isyung ito, ang “Philippine Technocracy and the Politics of Economic Decision Making during the Martial Law Period (1972-1986)” ni Teresa S. Encarnacion Tadem, ay pagsisiyasat sa mga bitak ng teknokrasya ng pamahalaang Marcos noong panahon ng batas militar sa bansa. Mahalaga ang kritikal na imbestigasyong ito ni Tadem, lalo sa panahon ngayon na kakikitaan ng pagtatangka ng mga sangkot sa diktadurya at ng mga kabilang sa mga tagapagmana at tagapagtuguyod ng diktaduryang ito na pabanguhin ang kasaysayan ng pambansang hilakbot ng pandarambong.

Ang “Reframing and Decolonizing the Narrative Genre of *Sinrilik* from Makassar, Indonesia” ni Ivie C. Esteban ay isang panunuring textual ng *Sinrilik na Kappalak Tallumbatua* at ng bersyon English nito na *The Kingdom with a Thousand Hollow Ships*. Isang makabuluhang ambag ng ganitong uri ng scholarship ang pagsasanib ng mga lapat pamanitikan at pangkasaysayan bilang isang mahalagang salalayang teoretikal at metodolohikal tungo sa deskolonisasyon ng imahinasyon pambansa.

Binigyan naman ng tuon nina Marivic G. Pajaro, Paul D. Watts, at Jaycelle Ampa sa kanilang artikulong “The Northern Philippine Sea: A Bioregional Development Communication Strategy” ang konsepto at praktis ng development communication. Ang kontribusyon ng artikulo ay ang pagbibigay nito ng bagong pihit dahil sa inilatag nitong mga posibilidad ng kritikal na tunguhin ng development communication sa konteksto ng konserbasyon ng dagat at ng mga rekursong ito, lalo sa usapin ng marine protected areas.

Ang “Can Complaining Modify a Smoking Environment: A Study on the Effects of Complaining on Smoking Behavior in Different Bars Using Agent-based Model Implementation” nina Edison D. Macusi at Gerardus Fisscher ay pagsisiyasat sa kung ano ang tanggap o diretsahang di-tanggap sa iba’t ibang partikular na konteksto ng pagbabawal o pagpapahintulot ng paninigarilyo, ano ang pwedeng tanggapin kahit ipinagbabawal, at hanggang saan ang

hangganan ng pagtanggap o di-pagtanggap sa mga ipinbabawal. Mahalaga ang mga modeling na isinasagawa ng mga ganitong uri ng pag-aaral dahil naipaliliwanag nito, sa konteksto ng limitasyon ng imbestigasyon, ang dinamiko ng pag-ayon o pagtalilis ng mga indibidwal sa isang grupo sa mga partikular na kondisyon ng lugar at sa kabilangan ng mga pagbabawal o pagpapahintulot.

Muli, ikinagalak ng *Social Science Diliman* (SSD) ang paglalathala sa kasalukuyang isyu ng kauna-unahan ng salin mula French tungo sa wikan Filipino ng *Les Bambous de Paris* na ikalabimpitong kabanata ng libro ni Jean-Paul G. Potet na pinamagatang *Baybayin, l'Alphabet Syllabique des Tagals*. Ang pagsasalin ay isinagawa ni Ramon Guillermo. Sinusuportahan ng journal ang mga ganitong pagsasalin sa Filipino ng mga mahahalagang akda ng mga dayuhan o lokal na iskolar na nagsusulat sa ibang wika. Sana ay dumating rin ang pagkakataon na makapaglathala kami ng mga salin at mga orihinal na pananaliksik sa iba pang mga wika ng Pilipinas, tulad ng Sugbuano, Iluko, Hiligaynon, Kapampangan, Tausug, at iba pang mga wika ng bansa. Ito, para sa akin, ay isang paraan ng pagpapatatag ng Filipinong multikultural tungo sa pagsusulong ng makatao, makatarungan, at makatuturang globalismo, taliwas sa komersiyalisadong globalisasyong isinusulong ng merkado at kapital na siyang ginagawang salalayan ng pagtatayo ng monolitikong diskurso ng kung ano raw dapat ang mundo.

Marami nang kinitil sa ating pagkatao, tulad ng ating mga pananaw sa sexualidad. Tinutukan ng librong *Anong Pangalan Mo sa Gabi? At Iba Pang Tanong sa mga LGBT* ng University of the Philippines Center for Women's Studies ang paglilinaw sa mga simple subalit mahahalagang katanungang may malalalim na implikasyon sa buhay ng mga LGBT (lesbian, gay, bisexual, at transgender), na binigyan ng rebyu ni Fernando A. Austria Jr. sa artikulong "Being LGBT: Is It More Fun in the Philippines?"

Nais naming pasalamat si Jenifer Lie para sa larawang kanyang ipinahiram para maging cover ng isyung ito, na may pamagat na "Mano Po." Nakakatawag ng pansin ang ironiya ng larawang ito: ang sabayang banggaan at pagsasanib ng tila magkakatunggali subalit magkakaugnay na imahe ng pag-usad sa kinabukasan at pagtanaw sa mga kombensyon.

Sa pagtatapos, nais kong banggitin ang pasasalamat sa ating mga iskolar na ipinagkatiwala ang kanilang mga pananaliksik sa SSD. Para sa isyung ito ay nakatanggap kami ng 35 artikulo. Anim pa lamang sa mga artikulong ito ang nakasama sa kasalukuyang isyu. Ang ibang naiwan ay nasa iba't ibang yugto

ng pagrereferee na maipapasok sa mga susunod na isyu ng journal; ang ilan ay hindi pa ganap ang pagkakasulat at hindi pa angkop na mailathala. Para sa amin sa SSD, malaking bagay ang dumaraming bilang ng mga akda na aming natatanggap. Nakagagalak ring may mga banyagang iskolar na nagsusumite ng kanilang artikulo sa SSD. Muli, salamat sa ating mga colleague na ipinagkakatiwala sa amin ang kanilang mga artikulo. Marami ring salamat sa lahat ng mga Filipino at dayuhang iskolar, buhat sa mga pamantasan at organisasyon dito sa Pilipinas at sa labas ng bansa, na tinanggap ang aming alok ng pagreferee sa mga artikulo.

FROM THE EDITOR

No theme weaves together the articles in this issue of *Social Science Diliman: A Philippine Journal of Society and Change*. The journal has not been thematic in its issues, but we may come out with one that carries a specific theme or under a particular discipline based on the articles that we have received the past months.

The first article in this issue, “Philippine Technocracy and the Politics of Economic Decision Making during the Martial Law Period (1972-1986)” by Teresa S. Encarnacion Tadem, is an examination of the fissures that characterized the technocracy of the Marcos government. The research by Tadem is profoundly relevant particularly in the current historical recounting by the political progenies of the dictatorship and by those complicit with it to justify the national horrors of plunder that they executed.

Ivie C. Esteban’s “Reframing and Decolonizing the Narrative Genre of *Sinrilik* from Makassar, Indonesia” is a textual analysis of *Sinrilik na Kappalak Tallumbatua* and its English version, *The Kingdom with a Thousand Hollow Ships*. The significance of this scholarship lies in the crossing of literary and historical approaches on which to ground theoretical and methodological frames of decolonizing the national imagination.

Marivic G. Pajaro, Paul D. Watts, and Jaycelle Ampa provide a differently situated concept and practice of development communication in their article “The Northern Philippine Sea: A Bioregional Development Communication Strategy.” The article contributes to a reconfiguration of the possibilities of critical directions that can be taken by development communication in the context of the conservation of the marine environment and its resources, specifically on issues of marine protected areas.

“Can Complaining Modify a Smoking Environment: A Study on the Effects of Complaining on Smoking Behavior in Different Bars Using Agent-based Model Implementation” by Edison D. Macusi and Gerardus Fisscher is an exploration of what can be permitted or disallowed in different situations of banning and permitting smoking, of what can be conditionally accepted albeit prohibited, and the limits of tolerance and intolerance. Simulation studies of this nature can provide us with an explanation of the complexity of the behavior of individuals relative to place-specific circumstances and context-specific bounds of social norms.

Again, *Social Science Diliman* is pleased to publish in this issue another first: Ramon Guillermo’s translation from French into Filipino of Chapter 17 (“Les Bambous de Paris”) of the book *Baybayin, l’Alphabet Syllabique des Tagals* by Jean-Paul G. Potet. The journal supports translation into Filipino of significant works by foreign and local scholars writing in another language. The journal encourages the publication of Filipino translations of works written in another language by both foreign and local scholars. We are also hopeful that SSD can publish in its future issues more translations and original works written in other Philippine languages, such as Sugbuano, Iluko, Hiligaynon, Kapampangan, Tausug, etc. In my view, translating works into Filipino and publishing works written in any of the Philippine languages are our ways of actively promoting the multiple cultures of Filipinos. One aim of these efforts is to work toward a humane, just, and relevant globalism that opposes a monolithically installed discourse of market- and capital-driven globalization.

Our lives have been guillotined in many ways, one of which is the way we view sexuality. The book *Anong Pangalan Mo sa Gabi? At Iba Pang Tanong sa mga LGBT* by the University of the Philippines Center for Women’s Studies draws our attention to simple questions that hound LGBTs (lesbian, gay, bisexual, and transgender); questions that have profound implications on how the community confronts the many issues it faces. The book is reviewed here by Fernando A. Austria Jr. in his essay “Being LGBT: Is It More Fun in the Philippines?”

We would like to thank Jenifer Lie for lending us her photo, “Mano Po,” to grace the cover of this issue. The photo pulls our attention into the irony that enriches the texture of the image: the simultaneous confrontation and mixing of seemingly disparate yet connected images of moving into the future and looking back at conventions.

On behalf of the editorial board of *Social Science Diliman*, I would like to thank our colleagues who have entrusted their articles to the journal. For this issue, we received 35 articles for publication consideration. Six of these articles have been completed for this issue. The rest of the submitted articles are in different stages of the refereeing process; some, however, cannot be endorsed yet for publication. We at SSD are delighted with the growing number of articles we have been receiving lately. We are also pleased that we are getting submissions from foreign scholars. We also thank our colleagues from local and foreign universities and institutions for the support they have extended us by way of reviewing these articles.



Eulalio R. Guieb III, PhD
Editor-in-Chief